5

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo1-4



SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 5**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Sandra C. Tabugon, Desiree O. Paso

**Editor:** Christopher D. Balatero

**Layout Artist:** Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | MARK LORENZ C. LUIB |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ____________________________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ______________________

| Linggo 1 | Tugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol |
|---|---|



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang malalaman ang iba't ibang paraan ukol sa naging tugon ng mga Pilipino sa mga naranasang hirap at kalupitan sa kamay ng mga mananakop. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mabibigyang-linaw ang konsepto ng kolonyalismo. Sa aralin ding ito ay malalaman mo ang iba't ibang tugon ng mga Pilipino sa mga naranasang dusa at hirap sa ilalim ng kanilang pamamahala. Mauunawaan mo kung paano nila hinarap ang mga pangyayari na nagdulot nang matinding kasawian sa kanila.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Tugon ng mga Pilipino sa Kolonyalismong Espanyol**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. matutukoy ang tugon ng mga katutubong Pilipino sa kolonyalismong Espanyol;
2. maipaliliwanag ang mga paraan ng pagtugon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahin mo ang bawat pangungusap na naglalarawan sa iba't ibang paraan ng pagtugon ng mga Pilipino sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Pumili ka ng naaangkop na tugon sa mga salita o parirala na nasa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| A. Pag-aalsa | B. Pagiging taksil o Mersenaryo | C. Nanahimik at sunod-sunuran |
| D. Tumakas at namundok | E. Idinaan sa lakas ng panulat | F. Yumakap sa kolonyalismo |

1. Ang mga Pilipino ay karaniwang matiisin at walang kibo sa mga nararanasan paghihirap sa pamahalaang kolonyal.

2. Hindi lahat ng mga Pilipino ay nagsawalang kibo sa mga patakarang ipinatupad ng mga Espanyol. Mayroong mga Pilipino na mas pinili nilang takas an ito.

3. Mga Pilipinong nagbulag-bulagan sa nagaganap sa bansa. Ang mahalaga sa kanila ay maproteksyonan ang kanilang kabuhayan at mahal sa buhay.

4. Mga Pilipinong mas pinili ang pansariling kapakanan kahit na ang katumbas nito ay kasawian ng kapwa Pilipino.

5. May mga matatapang na Pilipino na idinaan sa dahas ang naising pagbabago sa ilalim ng pamamahala ng mga dayuhan.

## *Pag-aralan*

Tatlong daan at tatlumpu’t tatlong (333) taong nananatili ang mga Pilipino sa animo’y hawla ng walang sapat na naaaninag na liwanag ng pag-asang makawala sa kamay ng mga dayuhang Espanyol. Iba’t iba ang nagging paraan ng pagtugon nila sa sitwasyong mailalarawan sa pagkakaroon ng tibay at lakas ng loob… matira ang matibay!



Halos karamihan sa mga katutubo ay nananatiling tahimik at sunud-sunuran sa mga dayuhan dahil sa takot na nararamdaman. Tinanggap nila na ang mga Espanyol ang nasa kapangyarihan at walang magagawa kundi manahimik na lamang. Alam nila sa kanilang pananahimik ay katumbas ng kanilang pananahimik ay katumbas ng kanilang buhay at ng pamilya.

Mayroon din namang mg katutubong nagpumiglas at umayaw sa mga patakaran na nagpahirap sa kanila. Mas ginusto nilang tumakas at mamundok kaysa maging bulag na sunud-sunuran sa mga dayuhan. Sila ay namuhay nang tahimik sa kabundukan. Malayo at mahihirapang marating ng mga sundalong Espanyol. Tinawag silang kalaban ng pamahalaang kolonyal at binansagang mga tulisan.

May mga Pilipino na nakipagsabwatan sa mga dayuhan. Pansariling kapakanan ang pilit na isinalba kahit na ang kapalit nito ay ang kaligtasan ng kapwa Pilipino. Sila ang binansagang mga mersenaryong katutubo. Mga taksil sa bayan!

Ang iba ay yumakap o nagpasailalim nang tuluyan sa kapangyarihan ng mga dayuhan. Ang kanilang yaman o kabuhayan ang pinoproteksyonan. Nagsawalang-kibo at nagbingi-bingihan sa hiling na suportang salapi ng kapwa Pilipino para matustusan ang pangangailangan ng kanilang samahang nagsasagawa ng pag-aalsa.

Si Lapu-Lapu na hari ng Mactan ay binansagang kauna-unahang bayaning Pilipino dahil mas pinili niyang talikuran ang mga dayuhan kaysa tanggapin ang alok na pakikipag-kaibigan. Mayroon ding sumunod sa kanyang mga yapak na hindi rin nagsawalang-kibo sa kalupitan ng mga Espanyol. Sila ang magigiting na Pilipino na nagmula sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas.

Mga dating datu na nawalan ng karangalang mamuno at nagnais na maibalik ang dating posisyon sa lipunan. Kasama na rin ang iba't-ibang sektor ng lipunan tulad ng mga kalalakihan at mga kababaihan na walang takot na sumabak sa digmaan. Mga katutubo na nabibilang sa mga magsasaka na tinutulan ang mga patakaran sa agrikultura, mangangalakal na inagawan ng kabuhayan, mga propesyonal, mga babaylan at mga katutubong nagnais maging pari. Diskriminasyon ang naranasan at tila naging dayuhan sila sa sariling bayan. Humantong na sa hangganan ang kanilang pagtitiis kaya bumuo sila ng mga magkakahiwalay na pangkat at nanghikayat ng mga kasapi na handang lumaban at manindigan laban sa mga dayuhan. Pag-aalsa ang tanging solusyon para sa kanila.

Sa paglipas ng panahon hindi rin maikakaila na mayroon ding magandang nangyari sa ating bansa lalo na sa kabuhayan ng mga iilang mga Pilipino. Nagkaroon ng magandang pagkakataon at pagnanasang makapag-aral ang mga kabataang nabibilang sa panggitnang-uri o middle

class. Mga kabataang nakapag-aral sa kolehiyo, sa Pilipinas man o sa Espanya. Sila'y tinawag na mga ilustrado o mga naliwanagan ang pag-iisip. Ang taglay na dunong bunga ng edukasyon ang nagmulat sa kanila sa tunay na kalagayan at nagaganap sa bansa. Hindi nila hinayaan na manatiling sunud-sunuran na lamang ang mga Pilipino. Kailangang nang gisingin ang manhid na pakiramdam ng mga katutubo. Ginamit nila ang karunungang taglay bunga ng edukasyong mayroon sila. Lakas ng panulat ang tugon ng mga ilustrado.

Nagsilbi silang tanglaw na nagsumikap na mabigyan ng liwanag ang kapwa at gabayan ang nasa kadiliman. Hindi idinaan sa dahas kundi sa malumanay na paraan. Sa pagsusulat ng pahayagan at aklat nila idinaan ang tugon sa mga Espanyol.

Ang ating pambansang bayani na si Jose Rizal ay isa sa mga ilustrado na sumulat ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Layunin nito na tuligsain ang pamahalaang Espanyol at maging ang mga palalong prayle. Gisingin ang damdaming manhid upang sumibol ang diwang makabansa ng mga Pilipino, walang armas na hawak, walang dugo na pumatak. Kalayaan ang isinisigaw!

At sa oras ng pagbangon tanging sandata ay ang pagmamahal sa bayan na kusang nag-aalab at umuusbong. Tulad sila ng ibong matagal na panahong nakulong sa hawla ay uhaw na makawala at makalipad nang ubod ng laya at sa paglaya nila ay sabay-sabay sa paglipad. Malayang naipapagaspas ang mga pakpak. Sinasamantala ang sariling lakas at ang liwanag na nagbibigay ng gabay upang makita ang paroroonan. Hindi alintana ang pagod, sakit ng katawan maging buhay ay inialay sa pag-asang iyon lamang ang paraan upang makawala ang bayang sinilangan sa bagsik ng mga dayuhan.

Pag-aralan ito upang lubos mong maunawaan ang aralin.

| **Tugon sa Kolonyalismo** | **Dahilan** |
|---|---|
| Nanahimik at nagtiis | Likas na matiisin at sanay sa hirap ang mga katutubo. Mas pinili nilang manahimik at sumunod sa patakarang Espanyol para sa kanilang kaligtasan. |
| Yumakap sa kapangyarihan ng mga dayuhan | Simula't sapul mayroon ng mga katutubo na ang iniisip ay ang kung ano ang meron sila. Ang mahalaga sa kanila ay katahimikan sa buhay at kung paano maproteksyonan ang kabuhayan. |
| Nakipagsabwatan sa mga | Mga katutubo na kung tawagin ay mga |

| | |
|---|---|
| dayuhan/mersenaryo | balimbing o taksil. Ipinagpapalit ang dangal para sa pansariling kapakanan. |
| Tumakas at namundok | Marami ring mga katutubo na mas piniling takasan ang mga pagpapahirap ng mga dayuhan. Namuhay sila sa bundok at naging kalaban ng pamahalaan. Tinawag silang mga tulisan. |
| Nag-alsa | Mga katutubo mula sa iba't ibang rehiyon at sektor ng lipunan. Mga pangkat na lumaban at nag-alsa na binubuo ng mga magsasaka, mangangalakal, at propesyonal. May mga kababaihan din na sumapi at hindi naging hadlang ang kanilang kasarian. |
| Ginamit ang lakas ng panulat | Ang mga kabataang nakapag-aral sa kolehiyo sa Pilipinas man o sa Espanya ay hindi rin nagsawalang-kibo. Ginamit nila ang lakas ng panulat sa pagsisiwalat sa kalupitan ng pamahalaang Espanyol. |

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: **HANAP-SALITA**. Hanapin ang mga tugon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol mula sa kahon ng mga letra. (5 SALITA)

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | A | M | U | M | U | N | D | O | K | M | B |
| M | P | L | P | B | P | B | M | P | I | E | L |
| B | L | V | F | N | K | M | L | B | M | R | P |
| P | M | P | A | N | U | L | A | T | I | S | C |
| K | V | K | Z | P | V | S | M | B | H | E | P |
| B | H | L | K | H | L | L | V | H | A | N | H |
| L | P | F | M | A | X | W | B | T | N | A | V |
| V | K | T | A | M | P | M | L | L | A | R | K |
| K | B | G | K | P | F | L | V | W | N | Y | H |
| B | A | V | C | M | B | V | K | V | K | O | D |
| P | L | F | B | V | U | X | M | L | C | P | V |
| Y | U | M | A | K | A | P | P | D | K | L | M |

**Gawain 2.**

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha  sa pahayag na nagsasaad ng paraan ng pagtugon sa kolonyalismo at malungkot na mukha  naman kung hindi.


_____ 1. Ginamit ng mga ilustrado ang dunong upang gisingin ang diwang makabansa ng mga katutubo.

_____ 2. Nagtanim ng mga gulay ang mga katutubo sa bakuran nila.

_____ 3. Tinanggap ang pamahalaang kolonyal sa pamamagitan ng pagsasawalang-kibo sa nagaganap na kalupitan ng mga dayuhan.

_____ 4. Nagalit ang mga prayle sa mga Pilipino.


_____ 5. Ninais ng mga datu na maibalik ang dating posisyon at dangal kaya sila ay bumuo ng pangkat at nag-alsa.



## *Paglalahat / Repleksyon*

**Panuto**: Kopyahin sa iyong papel ang talahanayan. Suriin ang natutuhan at magsagawa ng pagninilay hinggil sa iyong pagkatuto mula sa araling tinalkay. Punan ng **/** ang wastong hanay sa talahanayan .

| Mga kakayahan | Hindi sapat ang kakayahan ko | Sapat ang kakayahan ko | Lubos ang Kakayahan ko |
|---|---|---|---|
| Natutukoy ang tugon ng mga katutubong Pilipino sa kolonyalismong Espanyol. | | | |
| Naipaliliwanag ang mga paraan ng pagtugon ng mga Pilipino sa kolonyalismong Espanyol. | | | |



## *Paglalahat / Repleksyon*

**3** 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________
______________________________
2. ______________________________
______________________________
3. ______________________________
______________________________

**2** 2 interesadong bagay na natutunan ko


Natutunan ko ang…

1. ______________________________
______________________________
2. ______________________________
______________________________

**1** 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________
______________________________



***Panapos na Pagtataya***

**Panuto:** Piliin ang wastong paglalarawan sa mga sumusunod na pahayag tungkol sa tugon ng mga katutubo sa kolonyalismo. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang naging bunga ng pagkakaroon ng edukasyon ng mga kabataan noong panahon ng kolonyalismo?
   A. Ginamit nila ito upang makilala sa lipunan.
   B. Naging mulat sila at naghangad ng pagbabago.
   C. Napabilang sila sa mga pinuno ng pamahalaan.
   D. Nanatili silang tahimik sa nagaganap sa bansa.

2. May mga Pilipino na likas na makasarili upang makuha ang pansariling kagustuhan.
   A. Naging tapat sila sa kapwa Pilipino.
   B. Nakipagsabwatan sila sa mga Espanyol para malibre sa mga patakaran.
   C. Nagtago sila sa mga Espanyol upang malibre sa mga patakarang Espanyol.
   D. Nagbayad sila ng mga kapwa Pilipino upang sila ang gumawa ng mga gawaing nakatakda sa kanila.

3. Si Jose Rizal ay naglayon na mamulat ang mga katutubo sa malupit na pamamahala ng mga Espanyol.
   A. Naghikayat at namuno siya sa pagsasagawa ng mga lihim na pag-aalsa.
   B. Nagpagawa siya ng maraming sandata upang ipamigay sa mga katutubo.
   C. Nagtatag siya ng pangkat na magmamanman sa mga sundalong Espanyol.
   D. Sinulat niya ang librong Noli Me Tangere at El Filibusterismo upang tuligsain ang dayuhan.

4. Naranasan ng mga Pilipino ang lupit ng mga patakarang ipinatupad sa kolonya.
   A. Bumuo sila ng samahan upang simulan ang pag-aalsa.
   B. Nagsawalang-kibo ang nakararaming mga katutubo dahil sa takot sa mga sundalong Espanyol.
   C. Tumutol sila sa pamamahala ng mga dayuhan at piniling takasan ang kalupitan ng mga dayuhan.
   D. Lahat ay tama.

5. Ang mga Pilipino mula sa iba't ibang sektor ng lipunan ay nakaranas ng diskriminasyon mula sa mga dayuhan ay hindi nanatiling sunud-sunuran na lamang.
    A. Mga magsasaka na hinayaang kunin ang kanilang lupain.
    B. Gumawa ng kasunduan na babayaran ang mga katutubo sa kanilang gawain.
    C. Nanatiling tikom ang bibig at takot na sumalungat sa patakaran ng mga dayuhan.
    E. Mga kababaihan na sumali sa pag-aalsa ay hindi naging hadlang ang kanilang kasarian.

**Panuto:** Punuan ng mga angkop na tugon ng mga Pilipino ang sumusunod na talata. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

A. mersenaryo
B. yumakap/tinanggap
C. nag-alsa
D. nanahimik
E. namundok

Ayon sa kasaysayan, maraming mga Pilipino ang tumutol at (6)__________________ laban sa pamahalaang Espanyol. Hindi rin maikakaila na mayroong nagsilbing mga (7)__________________ sa mga dayuhan upang maisulong ang pansariling kapakanan.

Ang iba ay (8)__________________ sa kapangyarihan ng mga dayuhan dahil gusting proteksyonan ang kanilang kabuhayan. Likas din sa mga Pilipino ang pagiging matiisin at masunurin kaya sila ay (9)________________ na lamang. Kung may nagtiis mayroon ding sumuway sa mga patakarang Espanyol kaya ang ginawa nila ay (10)__________________ na lamang at mamuhay malayo sa mga dayuhan.

| **Linggo 2** | **Ang Pagtatanggol sa Bansa Laban sa Mga Espanyol** |
|---|---|



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang maitatalakay ang pagpapahalaga sa pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol. Noong mga panahong sinasakop ng mga dayuhan an gating bansa, may mga grupo at indibidwal na Pilipino na nagpakita nang katapangan upang maipagtanggol ang bansa. Bagama't iisa ang kanilang adhikain, iba't iba ang kanilang naging pamamaraan sa pagpapakita ng kanilang pagtutol sa kolonyalismo.


Mahalaga para sa atin na malaman ang mga pangyayaring ito dahil ito ay malaking bahagi ng ating kasaysayan. Kung anuman ang estado ng ating lipunan sa kasalukuyan, ito ay may kaugnayan sa mga pangyayari noong panahon ng pananakop. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mapalawak ang iyong kaalaman.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Ang Pagtatanggol sa Bansa Laban sa Mga Espanyol**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakikilala ang mga Pilipinong nagtatanggol sa bansa laban sa mga Espanyol;
2. napahahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: **SINO SIYA?** Kilalanin kung sino ang tinutukoy sa sumusunod na pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Siya ay namuno sa pag-aalsa sa Mexico, Pampanga at hinikayat ang mga taga Pangasinan na tutulan ang sapilitang paggawa, bandala at pagbabayad ng buwis.

   Sino siya? ______________________________________________

2. Siya ang anak ni Lakandula na nagpatuloy nang pakikipaglaban sa mga Espanyol at nagtatag ng lihim na samahan.

   Sino siya? ______________________________________________

3. Siya ay maybahay ni Diego Silang na nagpatuloy nang pag-aalsa ngunit nahuli rin at binitay.

   Sino siya? ______________________________________________

4. Kilala siya bilang Hermano Pule na nagtatag ng Confradia de San Jose.

   Sino siya? ______________________________________________

5. Isa siyang Waray na nag-aklas laban sa polo y servicio sa Samar. Ipinadala ang mga Waray sa Cavite para gumawa ng barko.

   Sino siya? ______________________________________________

## *Pag-aralan*

### A. Mga Pilipinong Nagtanggol sa Bansa Laban sa mga Espanyol



**Lakandula (1574)**

Nagkaroon ng kasunduan sina Lakandula at Legazpi na hindi magbabayad ng buwis ang mga angkan niya. Ngunit nang hindi tuparin nito ni Guido de Lavesarez, gobernador heneral na pumalit kay Legazpi, nag-alsa si Lakandula at ang kanyang mga kaanak laban sa pamahalaang kolonyal noong 1574. Sa huli ibinalik sa kanila ang kanilang karapatan.



**Magat Salamat (1587-1588)**

Nag-alsang muli si Magat Salamat, anak ni Lakandula upang ipaglaban muli ang kalayaan sa mga Espanyol. Nagtatag siya ng lihim na samahan at hinikayat niya ang mga ibat-ibang lider mula sa iba ibang panig ng Gitnang Luzon, Cuyo at Borneo. Ngunit natuklasan ng mga Espanyol ang lihim nilang samahan at sila ay dinakip at binitay.



**Tamblot at Bancao (1621-1622)**

Naganap ang rebelyong pangrelihiyon nang tinalikuran ng ilang Pilipino ang Kristiyanismo. Nais nilang bumalik sa nakagisnan nilang relihiyon. Si Tamblot ang namuno sa Bohol samantalang sa Leyte naman ay pinamunuan ni Bancao.Hindi sila nagtagumpay dahil kaagad silang nasupil at pinugutan ng ulo ng mga Espanyol.





**Diego at Gabriela Silang (1762-1763)**

Nagsimula ang pagrerebelde ni Diego Silang nang dahil sa mabibigat na pagpapataw ng buwis, pagsikil sa kalayaan at pag-aabuso ng alcalde-mayor. Nag-alsa si Diego Silang kasama ang kanyang pangkat sa pamahalaang Espanyol noong 1762. Itinatag din niya ang ang malayang ***"Ilocandia,"*** kung saan ang lungsod ng Vigan ang kabisera. May limang buwan ding nahawakan ng pangkat ni Silang ang Vigan. Pinatay si Silang ng matalik niyang kaibigang si ***Miguel Vicos***.

Ipinagpatuloy ng asawa niyang si ***Gabriela Silang*** ang kanyang sinimulang pakikipaglaban. Tinagurian siyang *"Joan of Arc ng Ilocos"* dahil sa mga tagumpay na kanyang pinamunuan. Mismong mga Pilipino mula sa Pampanga rin ang mga kalaban ng pangkat ni Gabriela. Nagtapos lamang ang rebolusyon pagkaraan ng apat na buwan, nahuli at binitay si Gabriela.



**Juan Sumuroy (1649-1650)**

Taong 1649 nang ipag-utos ng mga Espanyol na magpadala ng mga polista na taga-Samar sa Cavite upang gumawa ng mga barko ngunit ito ay tinutulan ng mga taga Samar. Sa pamumuno ni Juan Ponce Sumuroy, lumaban sila sa mga Espanyol. Sinunog nila ang mga simbahan at namundok bilang rebelde. Nagwakas ang pag-aalsa nang mapatay si Sumuroy ng ilang kasamahan niyang nagtraydor sa kanilang simulain.



**Francisco Maniago (1660-1661)**

Pinangunahan ni Francisco Maniago mula Mexico, Pampanga ang pag-aalsa sa Lingayen at Pampanga. Sumiklab ang pag-aalsang ito dahil sa mga pagpapahirap ng mga Espanyol sa mga Pilipino, tulad nang pagpapatupad ng polo y servicio, bandala at sapilitang paggawa.

Nagkasundo ang grupo ni Maniago at mga Espanyol. Pinangakuan sila na tatanggap sila ng malaking halaga at hinayaan silang gumawa sa kanilang mga bukid.



**Francisco Dagohoy (1744-1821)**

Pinamunuan ni Francisco Dagohoy ang itinuturing na pinakamahahabang pag-aalsang isinagawa ng mga hindi Muslim.

Nagsimula ang pag-aalsa ni Dagohoy sa isang personal na hinanakit laban sa mga paring tumangging basbasan ang bangkay ng kanyang kapatid na si *Sagani* na namatay sa pakikipagduwelo. Lumaban siya sa mga Espanyol at nahinto lamang ito ng siya ay tumanda at namatay.



**Apolinario dela Cruz (1840-1841)**

Tinanggihan ng mga Dominikano si Apolinario dela Cruz sa pagnanais nitong maging pari dahil siya ay isang katutubo o *indio*. Si Dela Cruz ay kilala sa bansag na ***"Hermano Pule"*** na tubong Lucban, Quezon. Noong 1840, itinatag niya ang ***"Cofradia de San Jose,"*** isang samahang pangkapatiran na tumanggap ng mga kasaping maralita. Ang samahang ito ay hiwalay sa Katolisismo. Nahikayat ang marami sa kanyang samahan hanggang hiniling niya na ito'y kilalanin ng simbahan. Ito ay pinangambahan ng mga Espanyol at itinuring na kalaban ng simbahan at ng pamahalaan. Nadakip siya ng mga Espanyol noong Nobyembre 4, 1841 at hinatulan ng kamatayan sa pamamagitan ng *firing squad* sa edad na 27. Pinagputol-putol ang kanyang katawan at ibinandera sa publiko upang hindi pamarisan.

*Ang mga larawan ay galling sa reperensya

**B. Pagpapahalaga sa Pagtatanggol ng mga Pilipino Laban sa Kolonyalismong Espanyol.**

1. Kamalayan sa kasaysayan ng ating bansa. Mahalaga na malaman natin

ang mga pangyayaring pagtatanggol noon laban sa pananakop ng mga Espanyol sa ating bansa dahil malaki ang kaugnayan nito sa kasalukuyang panahon partikular sa aspeto ng kultura, paniniwala o relihiyon, ekonomiya at pulitika.

2. Tingalain bilang huwarang Pilipino. Ang mga unang Pilipinong nagtanggol sa bansa ay itinuturing na bayani ng ating bansa dahil sa kanilang naiambag sa pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas. Isapuso ang mga kabayanihan ginawa nila sa ating bansa.

3. Pagsusulong ng karapatan. Ang bawat Pilipino ay may kakayahang ipaglaban ang karapatan at kalayaan sa tamang paraan. Hindi lamang sa dahas nakukuha ang ating ipinaglalaban. Bukas na ang puso't isipan ng mga Pilipino na mas epektibo ang iba't ibang paraan sa pagsusulong ng karapatan. Tandaan lamang na sa pagtatanggol sa bawat karapatan ay laging may kaakibat na responsibilidad.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**Rubrik sa Pagpupuntos**

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungu-sap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohan an | Makatotoha -an ang mga impormasy on o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotoha-nan ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohan an ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikha in at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikha in at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikha in at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalak ay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatang-kang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

1. Sino-sino ang mga Pilipinong nagtanggol sa bansa laban sa mga Espanyol?
a. ____________________
b. ____________________
c. ____________________
d. ____________________
e. ____________________
f. ____________________
g. ____________________
h. ____________________
i. ____________________

2. Ano- ano ang mga paraan ng pag-aalsa na ginamit ng mga Pilipino laban sa Espanyol?
a. ____________________
b. ____________________
c. ____________________

3. Sa iyong sariling salita, magbigay ng dalawang (2) kahalagahan ng pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol.

a. ____________________
b. ____________________

**Gawain 2**


**Panuto:** Isulat sa iyong sagutang papel ang **TAMA** kung ang pahayag ay tungkol sa mga kahalagahan ng pagtatanggol ng mga Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol at **MALI** kung hindi.

1. Ipagtanggol ang bansa kahit sa mga sa anumang paraang naaayon sa batas.
2. Huwag tularan ang mga unang Pilipinong nagtanggol sa bansa.
3. Ipagsawalang bahala ang kabayanihang ginawa ng mga Pilipino na nagtanggol sa bansa laban sa mga Espanyol.
4. Mahalagang malaman ng mga kabataan ang mga ginawang kabayanihan ng mga unang Pilipino na nagtanggol sa bansa
5. Gawing huwaran ang mga unang Pilipinong nagtanggol sa bansa.

**Gawain 3**

**Panuto:** Maglagay ng tatlong (3) kahalagahan ng pagtatanggol ng mga bayaning Pilipino laban sa kolonyalismong Espanyol? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________



## *Paglalahat / Repleksyon*

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________
   ______________________________
2. ______________________________
   ______________________________
3. ______________________________
   ______________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan


Natutunan ko ang…

1. ______________________________
   ______________________________
2. ______________________________
   ______________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________
   ______________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Isulat ang titik sa iyong sagutang papel kung sino ang tinutukoy sa bawat pahayag.

| | |
|---|---|
| A.Gabriela Silang | B.Apolinario dela Cruz |
| C.Francisco Maniago | D.Francisco Dagohoy |
| E.Juan Ponce Sumuroy | F.Lakandula |

1. Ang namuno sa pinakamahabang rebelyon na ang dahilan ay ang pagtanggi ng isang pari na basbasan ang bangkay ng kanyang kapatid.
2. Asawa ng isang namatay na pinuno ng rebelyon na nagpatuloy sa pakikipaglaban – tinagurian siyang “Joan of Arc ng Ilocos.”
3. Itinatag niya ang Cofradia de San Jose nang tanggihan ng simbahan ang pagnanais niyang maging pari, kilala siya bilang Hermano Pule.
4. Mula Mexico, Pampanga kung saan pinamunuan ang pag-aalsa dahil sa mga pagpapahirap ng mga Espanyol sa mga Pilipino tulad nang hindi pagbayad sa mga biniling palay mula sa mga katutubong magsasaka.
5. Nagsimula ang kanyang pag-aalsa nang hindi tuparin ni Gobernador Heneral Lavezares ang naunang pangako ni Legazpi na hindi siya sisingilin ng tributo at mga kaanak niya.

**PAGTAMBALIN**.

**Panuto:** Hanapin sa hanay **B** ang tinutukoy sa Hanay **A**.

Isulat ang **LETRA** ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| _____ 1. Nanguna sa pag-aalsa sa Bohol noong 1661 | A. polo y servicio |
| _____ 2. Namuno sa pag-aalsa sa Pampanga | B. Diego at Gabriela Silang |
| _____ 3. Mag-asawang Ilocano na lumaban para tutulan ang pamamalakad | C. Francisco Maniago |

ng mga Espanyol. D. pag-aalsa

_____ 4. Sapilitang paggawa

_____ 5. Isang paraang ginamit ng mga Pilipino upang maipagtanggol ang bansa laban sa mga Espanyol. E. Tamblot

| Linggo 3 | Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino (Pagbabago sa Panahanan at Panlipunan) |
|---|---|



***Panimula***

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay denisinyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang maipapaliwanag ang mga dahilan at layunin ng kolonyalismong Espanyol. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mabibigyang-linaw ang konsepto ng kolonyalismo.Sa aralin ding ito ay mauunawaan ang mga naging layunin at pamamaraan ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas sa panahon ng kolonyalismo.


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 1: Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino**


Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. makatatalakay ang mga Pagabagong Panahanan at Panlipunan;
2. makapagpaliwanag ang mga impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino.

Gawing gabay sa pagtalakay ng aralin ang sumusunod na balangkas.




Kasabay sa pagpapalaganap ng kaangyarihang Espanyol noon panahon ng pananakop ay inimpluwensyahan din ng mga Espanyol ang kultura at kalagayang panlipunan ng mga Pilipino.



## *Paunang Pagtataya*

**Panuto**: Basahin ng mabuti ang bawat tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Paano lumaganap ang Kristiyanismo sa panahon ng Espanyol?
   A. sa papamagitan ng mga misyonero
   B. sa pamamagitan ng mga tao at katutubo
   C. sa pamamagitan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino
   D. sa pamamagitan ng hindi paniniwala ng mga Pilipino

2. Ano ang sistemang *reduccion*?
   A. sapilitang paglipat ng mga Pilipino ng tirahan
   B. sapilitang paggawa ng mga kabuhayan sa bansa
   C. sapilitang pagtutol sa paglaganap ng Kristiyanismo
   D. sapilitang pagsama sa mga Espanyol na mananakop

3. Bahay na bato ay para sa mayayamang Pilipino. _______________ naman ay para sa karaniwang Pilipino.

A. bahay-kubo
C. gusali
B. apartment
D. kaharian

4.Bahagi ng bahay na bato kung saan tinatanggap ang mga bisita

A. Comedor
C. cuarto
B. sala
D. baño

5. Ano ang tawag sa tirahang malaki at matibay na ipinakilala ng mga Espanyol na kalimitang may dalawang palapag?

A. bahay na bakal
C. bahay na tisa
B. bahay na bato
D. bahay kubo

6. Bakit isinagawa ang sistemang reduccion?

A. upang mas madaling mapangasiwaan ang mga Filipino at maipalaganapang Kristiyanismo.
B. upang makabili sila ng mga ibinenta ng mga Espanyol
C. upang mapadali ang paggawa ng mga bahay nila
D. upang makakain sila ng preskong isda

7. _____________ ang tawag sa pamayanang itinayo ng mga Espanyol.

A. Poblacion
C. Pueblo
B. B. Inquilino
D. polo y servicio

8. Sa sinaunang panahon wala pa ang mga Espanyol, ang ___________ ang sentro ng pamilya. Pinahahalagahan ang pagpapanatili ng kaayusan sa kanilang pamilya.

A. ama
C. ina
B. B. anak
D. lola

9. Dahil sa paglaganap ng __________________, ang mga pari at prayle ang naging pinunong panrelihiyon ng mga parokya at simbahan na ginampanan noon ng mga babae.

A. ilustrado
C. insulares
B. B. inquilino
D. Kristiyanismo

10. Ang ________ ang itinuring na haligi ng tahanan.

A. ama
C. ina
B. B. anak
D. kapatid

## Pag-aralan

**PAGBABAGO SA PANAHANAN**

Sa kabila ng pagtutolnng mga Filipino, sapilitang inilipat ng mga Espanyol ang kanilang mga tirahan. Pinaglapit ang mga ito at isinaayos sa mga poblacion.

**Sapilitang Paglipat ng Tirahan**

Sa bisa ng kautusang ipinalalabas ni Haring Philip II noong Abril 1954, ipinatupad ni Gobernador-Heneral Luiz Perez Dasmariñas and sistemang *reduccion.* Ito ay ang sapilitang paglipat ng tirahan ng mga katutubong Filipino sa mga kabayanan. Isinasagawa ang sistemang ito upang mas madaling mapangasiwaan ang mga Filipino at maipalaganap ang Kristiyanismo.

Sa pagpapatupad ng *reduccion,* isinaayos ang mga pamayanan batay sa modelo ng isang lungsod sa Spain. Ang itinayong pamayanan ay tinawag na *pueblo.*

Ang sentro ng pueblo ay ang simbahan at ang *poblacion* ay sentro ng munisipalidad. Matatagpuan sa paligid ng simbahan at kumbento ang munisipyo, himpilan ng polisya, hukuman, paaralan, at pamilihang bayan.

**Uri ng Tahanan**

Bago pa man dumating ang mga Espanyol angbmga Pilipino ay nagtayo ng mga tirahan na malapit sa mga baybayin at s atabing ilog. May mga nanirahan din sa mga kabundukan. Ito ay upang malapit sila sa kanilang pinagkukunan ng kabuhayan. Ang disenyo ng mga tirahan ng mga Pilipino ay kadalasang yari sa mga likas na materyales tulsd ng kawayan, buho, cogon, at ratan na nagkop sa klima ng bansa. Ang tirahan ng mga Pilipino ay tinatawag na **bahay kubo.**

Sa pagdating ng mga Espanyol nagbago rin ang estruktura ng tirahan ng mga Filipino. Ipinakilala nila ang **bahay na bato**. Ito ay malaki at matibay ang bahay na bato. Gawa ang unang palapag nito sa bato. Ang ikalawang palapag naman ay yari sa matigas na kahoy. Ladrilyo o kogon ang ginamit na bubong.

Kung susuriin ang bahay na bato ay halos pareho lang ng bahay kubo. Mas matibay lamang dahil ginamitan ito ng bubong na tisa, batong adobe,

semento, baldosa at matibay na kahoy. Malalaki at maluluwang ang balkonahe na ginagawang pahingaan at pagtanggap ng bisita.

Mga nakaaangat lamang s lipunan ang nakapagpapagawa ng ganitong estilo ng tirahan. Samantala, ang mga nasa mababang uri ng lipunan ay nanatiling nakatira sa mga kubo.

Ang unang palapag ang nagsilbing imabakan ng bigas at mga gamit sa pagsasaka. Tinawag itong *entresuelo.* Ang ikalawang palapag naman ay hinati sa silid tulad ng kusina, silid-tulugan, at hapag-kainan.

**Lutuin**

Ang impluwensiya ng mga Espanyol sa pagkaing Pilipino ay makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan**.** Natutuhan ng mga Pilipino ang pagluluto ng *longganisa, tocino, embutido, bistek, callos, torta, pochero, eschabeche, menudo, afritada, relleno, mechado, caldereta* at *estefado* na madalas makikita sa tuwing may pagdiriwang. Nariyan din ang *arrozcaldo, empanada, paella, chirachon* at *leche flan.*

Natuto ang mga Pilipino na gumamit ng kutsara, tinidor at kutsilyo sa pagkain. Mga kasangkapan tulad ng tasa, baso, mangkok at plato na naging impluwensya rin ng mga Espanyol at Tsino.

**Pananamit**

Unti-unting natutuhan ng mga Pilipino ang magsuot ng mga damit na may mga istilong Espanyol. Naging pangunahing impluwensya ng mga Espanyol ay ang tsinelas at sapatos. Ang mga kalalakihan ay natutong magsuot ng sombrero, mahabang pantalon, dyaket, *camisa chino, ropilla* at sapatos. Ang mga kababaihan naman ay natutong magsuot ng saya (mahahabang palda) at kimona (blusang yari sa pinong tela). Minsan sinasamahan nila ito ng *panuela* o malaking panyo na ipinapatong sa balikat at *mantilla* o alampay. Naimpluwensyahan din ng mga Espanyol ang pagsusuot ng panyeta o panggayak na suklay sa buhok. Nakagawian din nilang magdala ng abaniko at panyolito. Ang kasuotang Maria Clara, isa sa mga pangunahing tauhan sa nobela ni Jose Rizal ang isang halimbawa ng kasuotan ng mga kababaihan noong panahon ng mga Espanyol.

**Edukasyon**

Walang pormal na edukasyon ang mga sinaunang Pilipino noon. Natuto sila sa mga turo ng kanilang mga magulang tulad ng pangingisda, pangangaso at pagtatanim, bagama't may baybayin ngunit wala silang pormal na edukasyon.

Sa panahon ng mga Espanyol, ang pormal na edukasyon sa Pilipinas ay pinasimulan. Ang mga prayle ang nangasiwa sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Layunin nito na turuan ang mga Pilipino na mamuhay sa

pamamaraang Kristiyano. Dito nagsimula nang nagtayo ng iba't ibang paaralan at kolehiyo. Ang pagtuturo ng asignaturang tulad ng katekismo o relihiyon, pagsulat, pagbasa at aritmetika ang tanging pokus ng mga paaralan. Ang mga paaralang ito ay eksklusibo lamang sa mga kalalakihan bago pa man sumapit ang ika-19 na siglo.

Noong ika-19 siglo lamang sila unang tumanggap ng kababaihang Pilipino. Ang mga paaralan para sa kababaihan ay nakapokus ang mga aralin sa mga gawaing bahay at paglilingkod sa simbahan. Layunin ng mga kolehiyong ito na ihanda ang kababaihan sa pag-aasawa at pagpasok sa kumbento. Itinuturo dito ang kagandahang asal, musika, pananahi at pag-aayos ng tahanan.

May mga paaralan ding bokasyonal kung saan itinuturo ang mga kasanayan tulad ng agrikultura, pag-iimprenta, pagkakarpintero at pagkukulay ng tela.

## Musika, Sayaw, Sining at Panitikan

### Musika

Ang angking talento at pagkahilig ng mga Pilipino sa musika ay lalo pang umunlad noong panahon ng mga Espanyol. Natutuhan ng mga Pilipino ang musikang Kanluranin. Ang paggamit ng instrumentong *alpa, byulin, gitara, piano* at *plawta* ay nalaman din. Naipakita rin ang kanilang husay sa paglikha ng instrumentong yari sa kawayan. Halimbawa nito ay ang *"Organong Kawayan"* na nasa simbahan ng Las Pinas na ginawa ni Padre Diego Cera, isang rekoletong misyonero noong 1818. Naging tanyag sa larangan ng musika sina Jose Canseco, Bibiano Morales, Marcelo Adonay, Hipolito Rivera, Andres Dancel at Ladislao Bonus.

### Sayaw

Nakilala ang mga sayaw na *Jota, Surtido, Habanera, Tango, Fandango, Lanceros, Rigidon, Polk, Mazurka at Waltz.* Nahaluan din ng impluwensiya ng Kanluranin ang mga katutubong sayaw ng mga Pilipino. Sinayaw ang Itik-itik at Tinikling sa indayog na La Jota at Polka. Ang mga ilang galaw naman sa Carinosa, sayaw Santa Isabel at iba pang sayaw pag-ibig at pananampalataya sa mga santo ay hango sa Waltz.

### Sining

Ang mga likhang pinta at eskultura ay naging limitado lamang sa temang panrelihiyon noong panahon ng kolonyalismo. Kalimitang inukit at ipininta ang wangis ng mga santo, Birheng Maria at mahahalagang tagpo sa Bibliya. Nalinang ang kakayahan ng mga Pilipino sa larangang ito. Si Damian Domingo ay tinaguriang "Ama ng mga Pintor na Pilipino". Pinakabantog namang pintor sa panahong iyon sina Juan Luna na lumikha ng "*Spolarium*", ang dibuhong nagwagi ng unang gantimpala sa isang patimpalak sa Espanya.

**Panitikan**

Malaki rin ang naging impluwensya ng mga Espanyol sa larangan ng panitikan**.** Ipinakilala ng mga Espanyol ang dasal, nobena, talambuhay ng mga santo at santa, awit, korido, tula, kuwento, moro-moro, senakulo, karilyo at sarsuwela.

**Awit**

tulang pasalaysay na binubuo ng labing-dalawang pantig sa bawat linya. Halimbawa nito ang "*Florante at Laura*: na likha ni Francisco Balagtas, ang tinaguriang "*prinsipe ng Makatang Tagalog*".

**Korido-** Tulang may walong pantig sa bawat taludtod. Ang *"Ibong Adarna*" at "*Don Juan Tiñoso*" ang mga halimbawa nito.

***Moro-moro* -** Dulang nagpapakita ng paglalaban ng mga Kristiyano at Muslim at ang wakas nito ay ang pagkagapi ng Muslim o pangtaggap sa relihiyong Kristiyanismo.

**Sarsuwela -** Dulang may salitaan, sayawan at awitan

**Karilyo** - Dulang gumagamit ng mga tau-tauhang karton na pinapagalaw sa harap ng ilaw

**Senakulo -** Dulang nagpapakita ng mga paghihirap at pagpaparusa sa Panginoong Hesukristo.

**Pabasa** - Pagbasa o pag-awit ng pasyon

**Flores de Mayo** - Prusisyon para kay Birheng Maria

**Santacruzan** - prusisyon na nagsasadula sa pagkakatuklas ni Reyna

Helena sa tunay na krus ni Hesus.

**Panuluyan** - pagsasadula sa pagsilang ky Hesukristo.

**Salubong** - pagsasadula sa pagkikitang muli ng nabuhay na si Kristo at ni

Birheng Maria.

Sa panahon ng mga Espanyol ay napatanyag din ang **harana**. Isa itong uri ng kundiman o awit ng pagsinta na inaawit sa harap ng tahanan ng dalagang nililigawan.

Nahaluan din ng impluwensyang Kanluranin ang mga katutubong sayaw ng mga Filipino. Sinayaw ang Itik-Itik at Tinikling sa indayog at tempo ng polka.

**Pagpapangalan**

Batay sa kautusan ni Gobernador-Heneral Narciso Clavera Bautista, binigyan ng apelidong Espanyol ang mga Filipino tulad ng Dela Cruz, De los Santos Santiago at iba pa. Mayroong nakatalang mahigit na 61,000 na

pagpipiliang apelido sa *Catalogo Alfabetico de Apellidos*. Binago rin ng mga Espanyol ang pangalan ng mga pook, pueblo na kalimitan ay hinango sa pangalan ng mga patron at santo tulad ng San Isidro, San Antonio, Del Rosario, Sta. Maria at iba pa.

**Relihiyon**

Ang mga katutubong Pilipino ay may mga paniniwala sa mga diyos at diyosa ng kalikasan, marami rin ang may mga paniniwala sa relihiyong Islam. Sa pagdating ng mga Espanyol, unti-unting napalitan ng Kristyanismo ang mga paniniwalang ito. Itinuro ang mga Katolikong kaugalian gaya ng pagbibinyag, pagpapakasal, pangungumpisal pagrorosaryo, pagnonobena, pagsisimba at iba pa. Sa pagpapalaganap ng mga aral ng Kristiyanismo sinunog ang mga dokumento patungkol sa dating paniniwala at pinalitan ng mga kuwento ng pagpapakasakit ni Kristo at ang pangako n'yang buhay na walang hanggan. Kaugnay nito, dinala ng mga Espanyol sa Pilipinas ang sistema ng palimbagan.

Ang ***Doctrina Christiana*** ang kauna-unahang aklat na nailimbag sa Pilipinas noong 1593. Ito ay isang aklat tungkol sa katesismo at mga dasal at isinalin ito sa wikang Tagalog. Madaling napasunod ang mga Pilipino sa bagong pananampalataya na ginamit ng mga prayle ang mga naunang pamamaraan ng paniniwala. Kabilang dito ang pagbabasbas, paggamit ng mga rebulto at pagsalin ng mga dasal sa salita ng mga katutubo.

**Mga Pagdiriwang**

Malaking impluwensiya din ang mga iba't ibang pagdiriwang panrelihiyon na dinala ng mga Espanyol. Ang mga ito ay naging bahagi na rin ng radisyong Pilipino hanggang kasalukuyan ay ipinagdiriwang pa rin. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod.

**Pista**

Ang kapistahan ng patron o santo ng bayan ang pinakatanyag at nakaaaliw na pagdiriwang. Kumpleto ito sa mga banderitas sa kalsada, banda ng musiko, palaro, palabas at sayawan. Bahagi nito ang magarbo at magastos na handaan. Ang mga kamag-anakan sa ibang bayan ay madalaw upang makipagdiwang ng pista. Natutong mangutang ang mga Pilipino para may maihanda sa araw na ito. Mayroon din prusisyon ng mga napiling magandang kababaihan tuwing Flores de Mayo at Santacruzan.

**Pasko**

Ang pasko ay pagdiriwang ng bawat pamilya na ginugunita ang kapanganakan ni Hesus. Kumakain sila sa *noche buena* at nagbibigayan ng regalo katulad ng ginawa ng tatlong hari na nagbigay ng regalo kay Hesus.

**Mahal na Araw**

Ang kuresma o mahal na araw ay sinisimulan sa Linggo ng Palaspas (Palm Sunday). Nagdaraos sila ng mga gawaing pansimbahan kagaya ng misa at prusisyon. Sa panahong ito binabasa nila ang Pasyon o aklat na kung saan nasusulat ang buhay ni Hesukristo.Nakapapanood din tayo ng mga prusisyon ng mga taong sinasaktan ang kanilang mga sarili tulad ng pagpasan at pagpapako sa krus, kilala ang Cutud, San Fernando, Pampanga sa mga gawaing ito. Sila ay nagpepenitensya na kinapapalooban ng sariling pagpaparusa bilang pagbabalik tanaw sa hirap at sakit na dinanas ng Panginoong Hesukristo.

**Binyag at Kasal**

Ang bawat Pilipino ay dumaan sa ritwal ng pagbibinyag. Ito ay palatandaan na kabahagi na ng mga pananampalatayang Kristiyano. Ang taong binibinyagan ay kumukuha ng ninong at ninang sa paniniwalang gagabay at gaganap sila bilang pangalawang magulang niya. Gayundin ang


kaugalian sa kasal mamimili ng mga ninong, ninang at abay upang maging saksi ng kanilang kasal o pag-iisang dibdib.

**Mga Laro**

Marami ring mga larong Pilipino ang naimpluwensya ng mga Espanyol. Ang mga larong ginagamitan ng kard ay nakuha natin sa mga Espanyol tulad ng *Juego de prenda, Pangguinggui, Kuwaho* at *Siete-siete*. Mga larong panlabas naman ang mga *Patintero, Sipa* at *Palosebo.*

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1:** Panuto: Magbigay ng mga Pagbabagong Kultural sa Panahon ng mga Espanyol gamit ang graphic organizer.




**Gawain 2**

**Panuto**: Basahin ang pahayag sa bawat bilang. Pagkatapos patunayan ang bawat pahayag sa pamamagitan ng pagbuo sa mga pangungusap.

1. Sapilitang paglipat ng tirahan ng mga katutubong Filipino sa mga kabayanan.

R ___ ___ U C ___ ___ ___ N

2. Antas ng mga Pilipino na kinabibilangan ng mga inapo ng mga datu at maharlika, mayayamang hacendero, o may-ari ng lupa, at mga pinuno ng pamahalaang lokal.

P ___ ___N C ___ P ___ ___ I A

3. Isang uri ng tirahan na malaki at matibay na naging simbolo ng antas ng pamumuhay ng isang pamilya.

B___ ___ A ___  NA  B ___ ___ O

4. Ito ay itinuring na pinakamalaking kontribusyon ng kolonyalismong Espanyol sa mga Filipino.

K___ ___ STIY ___ ___ IS ___ O

5. Prusisyon na nagsasadula sa pagkakatuklas ni Reyna Helena sa tunay na krus ni Hesus.

S___ NT ___CR ___ Z ___ ___



***Paglalahat / Repleksyon***

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

4. ______________________________________________________

______________________________________________________

5. ______________________________________________________

______________________________________________________

6. ______________________________________________________

______________________________________________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

3. ______________________________________________________

______________________________________________________

4. ______________________________________________________


______________________________________________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

2. ________________________________________

________________________________________



## ***Panapos na Pagtataya***

**Panuto:** Piliin ang angkop na inilalarawan ng bawat bilang. Isulat ang tamang titik sa patlang .

_____1. aklat na mayroong nakatalang mahigit na 61,000 na pagpipiliang apelido para sa mga Pilipino.

_____2. Uri ng pananamit ng mga kababaihan noong panahon ng Espanyol.

_____3.Mga larong panlabas na impluwensya ng mga Espanyol

_____4.Relihiyong pamana ng mga Espanyol sa mga Pilipino

_____5.Ito ang pinakatanyag at nakaaaliw na pagdiriwang. Kumpleto ito sa mga banderitas sa kalsada, banda ng musiko, palaro, palabas at sayawan. Bahagi nito ang magarbo at magastos na handaan.

_____6. Panghimagas na hanggang kasalukuyan ay di nawawala sa handaan at paborito ng mga Pilipino.

_____7.Isang pagdiriwang na pagbabalik tanaw sa naging pasakit na dinanas ni Hesukristo.

_____8. Ang kauna-unahang aklat na nailimbag sa Pilipinas noong 1593. Ito ay isang aklat tungkol sa katesismo at mga dasal at isinalin ito sa wikang Tagalog

_____9. Uri ng sayaw na impluwensya ng mga Espanyol

_____10. pinakamatibay na uri ng panahanan sa panahon ng mga Espanyol.

A. bahay na bato

B. leche flan

C. *Catalogo Alfabetico de Apellidos*

D. baro’t saya

E. Doctrina Christiana

F. Kristyanismo

G. Mahal na Araw

H. patintero at sipa

I. Pista

J. waltz at polka

## Linggo 4 — Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino (Pagbabago sa at Panlipunan at sa Katayuan ng mga Kababaihan)



### *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets**) ay denisinyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ikalimang baitang upang maipapaliwanag ang mga dahilan at layunin ng kolonyalismong Espanyol (AP5PKEIIa-2). Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mabibigyang-linaw ang konsepto ng kolonyalismo.Sa aralin ding ito ay mauunawaan ang mga naging layunin at pamamaraan ng mga Espanyol sa pananakop sa Pilipinas sa panahon ng kolonyalismo.


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:


**Aralin 1: Impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:
1. makatatalakay ang mga Pagabagong Panlipunan at katayuan ng mga Kababaihan sa panahon ng mga Espanyol;

2. makapagpaliwanag ang mga impluwensya ng mga Espanyol sa Kultura ng mga Pilipino.

Gawing gabay sa pagtalakay ng aralin ang sumusunod na balangkas ng kaisipan.



## ***Paunang Pagtataya***

**Panuto**: Basahin at intindihin ang mga bawat pangungusap. Bilugan ang tamang sagot.

1. Tawag sa pananamit ng kababaihan noong panahon ng Espanyol.
   A. baro't saya  C. *gown*
   B. B. bikini  D. pantalon

2. Paano mailalarawan ang mga paaralang pambabae noong panahon ng Espanyol?
   A. bukas ito para sa lahat.
   B. sinubaybayan ito ng mga pari.
   C. hiwalay ito sa mga paaralang panlalake
   D. tinuruan ang mga kababaihan ng mga gawaing pambahay at maging mabuting asawa.

3. Ano ang tawag sa mga Espanyol na isinilang sa Pilipinas?
   A. inquilino  C. peninsulares
   B. insulares  D. principalia

4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagpapabuti ng katayuan ng kababaihan?
   A. pangalagaan ang karapatan ng kababaihan
   B. higit na kilalanin ang kakayahan ng kalalakihan
   C. limitado ang ibinigay na kasanayan sa kababaihan
   D. tumanggap ng posisyon maliban sa pinakamataas na pinuno

5. Pinakamaliit na yunit ng pamahalaan.
   A. bansa C. lalawigan
   B. barangay D. pueblo

6. Guro sa paaralang pambabae - madre
   Guro sa paaralang panlalaki - ________
   A. gobernador-heneral C. pari
   B. hari ng Espanya D. sakristan

7. Ang lahing nabuo mula sa mga magulang na katutubong Pilipino at ibang lahi tulad ng Tsino o Espanyol.
   A. insulares C. peninsulares
   B. mestizo D. principalia

8. Ang tawag sa mga inapo ng mga datu at maharlika, mayayamang *hacendero* o may-ari ng lupa, mga pinuno at dating mga pinuno.
   A. insulares C. peninsulares
   B. mestizo D. principalia

9. Ang itinuturing na ilaw ng tahanan. Ang nakakaalam ng lahat ng mga gawaing-bahay.
   A. ama C. ina
   B. anak D. kapatid

10. Ang pangkat ng mga tagapangasiwa ng lupa ng hindi nila pag-aari.
   A. inquilino C. Insulares
   B.principalia D.peninsulares



***Pag-aralan***

**PAGBABAGONG PANLIPUNAN**

Sa ilalim ng pamahalaang kolonyal, nahati sa tatlong antas ang lipunang kolonyal sa Pilipinas.

Matatandaan na sa sinaunang panahon, ang lipunang FIlipino ay nahati sa tatlong antas: maginoo at datu, maharlika at timawa, at alipin at oripun. Sila ay may kani-kaniyang gampanin sa lipunan at ari-arian. Nagbago ang katayuan at pribilehiyo ng mga Filipino sa pagdating ng mga Espanyol.

Sa lipunang kolonyal, ang mga Espanyol ang may pinakamataas na katayuan. Nauri sa dalawang pangkat ang ang mga Espanyol na naninirahan sa Pilipinas - ang *peninsulares* o mga Espanyol na isinilang sa Spain, at ang *insulares* ay mag Espanyol na isinilang sa Pilipinas. Hawak nila ang kapangyarihang pampolitika, pang-ekonomiya, at panrelihiyon, na dati ay nasa kamay ng mga Filipino.

Ang mga Filipino, sa kabilang banda, ay nauri sa pangkat ng mga *principalia,inquilino*, at karaniwang tao. Kabilang sa pangkat ng principalia ang mga inapo ng mga datu at maharlika, mayayamang hacendero, o may-ari ng lupa, at mga pinuno ng pamahalaang lokal.

Ang pangkat ng *inquilino* ay binuo ng mga tagapangasiwa ng lupa ng mga panginoong maylupa. Ang pangkat ng karaniwan tao naman ay kinabilangan ng mga manggagawa at magbubukid. Limitado ang kanilang mga karapatan at pribilehiyo. Hindi rin sila mahalal sa katungkulan sa pamahalaan.

**Pagbabago sa Katayuan ng Kababaihan**

Nagkaroon ng malaking pagbabago sa katayuan ng kababaihan noong panhaon ng kolonyalismo.

Sa sinaunang panahon, ang ina ang sentro ng pamilya. Pinahahalahan ang kanilang kakayahang magpanatili ng kaayusan sa kanilang pamilya. Sa pagdating ng mga Espanyol at sa impluwensya ng Kristiyanismo, nalihis ito sa ama na itinuring na haligi ng tahanan. Ang mahahalagang desisyon ay sa kaniya na nagmumula sa halip na sa ina o sa pinakamatandang babae sa pamilya. Sa kabila nito, nanatili parin ang ina bilang unang guro ng kaniyang mga anak.

Kung sa sinaunang panahon ay nagsilbing pinunong espirituwal ang kababaihan sa katauhan ng mga katalonan at babaylan, sa ilalin ng nga Espanyol ay pinawalang bisa ito. Dahil sa paglaganap ng Kristiyanismo, ang mga pari at prayle ang naging pinunong panrelihiyon ng mga parokya at simbahan. Dahil sa Kristiyanismo, bumaba ang antas ng kababaihan. Maging sa mga gawaing politikal at pansibiko, ang mga kababaihan ay hindi na pinahihintulutang makilahok. Ang pantay at malaya nilang karapatan sa pagmamay-ari ay binawasan kung hindi man tuluyang inalis. Ang naging pangunahing gampanin nila ay ang pagiging ina sa kanilang mga anak at kabiyak sa asawa.


Sa kabila ng mga ito, nabigyan naman ang kababaihan ng karapatan sa edukasyon. Sa katunayan, sa Education Decree of 1863, ipinag-utos ni Reyna Isabel II ang pagpapatayo ng dalawang paaralan - isang panlalaki at isang pambabae sa bawat munisipalidad ng Pilipinas. Maari din silang mag-

aral sa mga kolehiyo kung saan ay tinuturuan sila ng kabutihang-asal, wastong pagkilos, at ibang gawain tulad ng pagluluto, pananahi, at musika, sa ilalim ng mga madre.

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**


**Panuto**: Isulat sa kahon ang tatlong antas ng lipunan sa panahon ng Espanyol.




**Gawain 2**

**Panuto:** Base sa inyong nabasa, isulat sa kahon ang mga sagot upang mabuo ang konsepto tungkol sa mga paglalarawan sa katayuan ng mga kababaihan sa wala pa ang mga Espanyol at sa panahon ng mga Espanyol.

| **KATAYUAN NG KABABAIHAN** | |
|---|---|
| **Wala pa ang mga Espanyol** | **Panahon ng mga Espanyol** |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |



## *Paglalahat / Repleksyon*

**3** — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________________________

______________________________________________

2. ______________________________________________

______________________________________________

3. ______________________________________________

______________________________________________

**2** — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…

1. ______________________________________________

______________________________________________

2. ______________________________________________


______________________________________________

**1** — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________________________

______________________________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto: Basahin ng mabuti ang bawat tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Sino ang sinasanay ng ama sa paghahanapbuhay?
   A. anak na babae C. kapitbahay
   B.anak na lalaki D. Pamangkin

2. Ang anak na tinuturuan sa mga gawaing-bahay.
   A. anak na babae C. kapitbahay
   B. anak na lalaki D. Pamangkin

3. Ano ang tawag sa mga Espanyol na isinilang sa Espanya pero sa Pilipinas nakatira?
   A. insulares C. mestizo
   B. gitnang-urI D.peninsulares

4. Sila ang mga Espanyol na isinilang at naninirahan sa Pilipinas.
   A. insulares C. mestizo
   B. gitnang-urI D.peninsulares

5. Ano naman ang tawag sa lahing nabuo mula sa mga magulang na katutubong Pilipino at ibang lahi tulad ng Tsino o Espanyol?
   A. insulares C. mestizo
   B. gitnang-urI D.peninsulares

6. Kinabibilangan ng angkan ng mga dating datu at maharlika, mga lokal na opisyal, mga mamamayang mangangalakal o haciendero sa bansa.
   A. inquilino C. karaniwang tao
   B. insulares D. prinicpalia

7. Sila ang pangkat ng mga tagapangasiwa ng lupa ng hindi nila pag-aari.
   A. inquilino C. karaniwang tao
   B. B. insulares D. prinicpalia


8. Dahil sa Kristoyanismo, ______________ ang antas ng kababaihan mula sa pagiging pinuno ay naging tagalingkod sa mga parokya, pasyon, at iba pang katekismo.
   A. bumaba C. nawala
   B. lumawa D. tumaas

9. Pagdating ng mga Espanyol, nagkaroon ng malaking pagbabago sa katayuan ng kababaihan MALIBAN sa isa:

A. Itinuring ang ina bilang unang guro ng mga anak.
B. Ang mahahalagang desisyon ay nakasalalay sa ama.
C. Pinahihintulutan silang makilahok sa mga gawaing politikal at pansibiko.
D. Ang mga pari at prayle ang naging pinunong panrelihiyon ng mga parokya at simbahan.

10. Ito ay regular na paaralan para sa mga kababaihan kung saan itinuturo ang pagluluto, kabutihang asal, wastong pagkilos, pagluluto, pananahi, at musika sa ilalimng mga madre.

A. bokasyonal
B. kombento
C. kolehiyo
D. sekondarya



# *Susi sa Pagwawasto*

## *Linggo 1*

Paunang Pagtataya

1. C 2. D 3. F 4. B 5. A

Gawain 1

1. namundok 2. Yumakap 3. panulat
4. pag-aalsa 5. mersenaryo

Gawain 2

1. masayang mukha 2. malungkot na mukha 3. masayang mukha
4. malungkot na mukha 5. masaya na mukha

Panapos na Pagtataya

1. B 2. B 3. D 4. D 5. D 6. C 7. A 8. B 9. D 10. E

## Linggo 2:

**Paunang Pagtataya**

1. Francisco Maniago 2. Magat Salamat 3. Gabriela Silang
4. Apolinario de la Cruz 5. Juan Sumuroy

**Gawain 1**

1.
a. Lakandula b. Magat Salamat c. Tamblot at Bancao
d. Juan Sumuroy e. Francisco Maniago f. Francisco Dagohoy
g. Diego Silang h. Gabriela Silang i. Apolinario dela Cruz

2.
1. Bumuo ng lihim na samahan, 2. Sinira at sinunog ang mga simbahan 3. Nagrebelde

(Tanggapin ang iba pang kaugnay na sagot)

**Panapos na Pagtataya**

1. D
2. A
3. B
4. C
5. F
6. E
7. C
8. B
9. A

**Gawain 2**

1. Tama  2. Mali  3. Mali  4. Tama  5. Tama

**Gawain 3**

1. Kamalayan sa kasaysayan ng ating bansa
2. Tingalain ang mga bayani bilang huwarang Pilipino
3. Pagsusulong ng karapatan

***(Lingo 3)***

**Paunang Pagtataya**

1. A  2. A  3. A  4. B  5.B  6.A  7.C  8.C  9.D  10.A

***GAWAIN 2***

1. REDUCCION  2.PRINCIPALIA  3.BAHAY NA BATO  4.KRISTIYANISMO  5.SANTACRUZAN

**Panapos na Pagtataya**

1. C  2.D  3.H  4.F  5.  6.B  7.G  8.E  9.J  10.A

***GAWAIN 1***

A. Lutuin

- Tocino, embutido, bistek, torta, pochero, escabeche, menudo, afritada, mechado, caldereta, arrozcaldo, empanada, paella, chicharon, leche flan

B. Musika

- Paggamit ng instrumentong alpa, byulin, gitara, piano, at plawta

- paglikha ng Organong Kawayan

C. Panitikan

ipinakilala ng mga Espanyol ang

- dasal, nobena, talambuhay ng mga santo at santa, awit, korido, tula, kuwento, moro-moro, senakulo, karilyo, at sarsuwela.

D. Laro

- larong ginagamitan ng kard tulad ng Juego de prenda, Pangguigui, Kuwaho, at Siete-siete

E. Mga Pagdiriwang

- pista, pasko, Mahal na Araw Binyag at Kasal

F. Pananamit

- ang mga kalalakihan ay natutong magsuot ng mahabang pantalon, dyaket, camisa de chino, ropilla at sapatos.

- Ang mga kababaihan naman ay natutong magsuot ng saya (mahabang palda) at kimona.

- paggamit ng panuela o malaking panyo na ipinapatong sa balikat at mantilla o alampay

- Maria Clara

***(Lingo 4)***

| Paunang Pagtataya | GAWAIN 1 | Panapos na Pagtataya |
|---|---|---|
| 1. A<br>2. D<br>3. B<br>4. A<br>5. B<br>6. C<br>7. B<br>8. D<br>9.<br>10. | 1. Principalia<br>2. Inquilino<br>3. Karaniwang tao | 1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. A<br>5. C<br>6. C<br>7. A<br>8. A<br>9. C<br>10. C |

| **Gawain 2** | |
|---|---|
| **Wala pa ang mga Espanyol:** | **Panahon ng mga Espanyol** |
| 1. Ina ang sentro ng pamilya.<br><br>2. Pinahahalagahan ang kanilang kakayahang magpapanatili ng kaayusan sa pamilya. | Nalihis ang mga ito sa ama na itinuring bilang haligi ng tahanan.<br><br>Tagasunod lamang s akaniyang asawa<br><br>Nanantiling unang guro ng mga anak |
| 3. Pinunong espirituwal sa katauhan ng mga katalunan at babaylan | Nawala ang mga ito at ibinigay sa mga pari o prayle ang pamumunong panrelihiyon sa parokya at simbahan.<br><br>Tagalingkod sa mga parokya, pasyon, at iba pang katekismo. |
| 4. Pwede makilahok sa mga politikal at pansibiko | Hindi na pinayagang makilahok sa mga gawaing politikal ay pansibiko.<br><br>Nawala ang pantay at malayang karapatan sa pagmamay-ari. |

***Sanggunian***

***Linggo 1***


Antonio, Eleonor D., Baniaygas, Emilia l., Dallo, Evangeline M. 2015. Kayamanan.
p. 249-253 Manila: Rex, Publishing Company

Gabuat, Maria Annalyn P. , Mercado, Michael M., & Jose, Mary Dorothy dL . 2016. Pilipinas Bilang Isang Bansa. p. 216-251 Quezon City: Vival Group, Inc. Ilao,

Mari Cristtia D., Pantolla, Juanita G. 2005. Lahing Pilipino Diwang Makabayan. p . 58-61 Manila: Innovative Educational Materials , Inc Labrague, Carmen N., Tome,

Sylvia C. 2004. Sa Umuunlad na Pilipinas. p.74-92. Manila: Ibon Foundation Inc. Milambiling, Ruben M. 2016. Doon po sa Amin... Bansang Pilipinas 5.p. 142-145

Manila: Innovative Educational Materials , Inc Palu-ay, Alvenia P. 2010.Makabayan: Kasaysayang Pilipino. p. 56-65. Quezon City: LG&M Corporation


***Linggo 2***


Antonio, Eleonor D., Banlaygas, Emilia L. and Dallo, Evangeline M. 2015. Kayamanan. Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan 5. p.237-240. Manila: REX Book Store.

Biasa-Julian, Ailene G., Lontoc, Nestor S. 2013. Lakbay ng Lahing Pilipino 5 Araling Panlipunan para sa Mababang Paaralan. p.122-123. Quezon City: Phoenix Publishing House. Bosales, Marie Fe P. 2014. Lahing Kayumanggi 5 Araling Panlipuanan (Binagong Edisyon, Batay sa Kurikulum) . p. 316-319. Quezon City: The Library Publishing House , INC. Bosales, Marie Fe P. 2018. Lahing Kayumanggi 5 Pagbuo ng Pilipinas Bilang Nasyon.p.104. Quezon City: The Library Publishing House , INC.

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M. and Jose, Mary Dorothy dl. 2016. Araling Panlipunan 5 (Batayang Aklat) Pilipinas Bilang Isang Bansa. p. 230-236. Quezon City: Vibal Group Inc.


## *Linggo 3-4*


Antonio, Eleonor D., Banlaygas, Emilia L. and Dallo, Evangeline M. 2015. Kayamanan. Batayan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan 5. p.237-240. Manila: REX Book Store.